



Maternal & Child Health Block Grant

Buod
Aplikasyon sa 2022 at Ulat sa
2020

AGOSTO 2021



Upang hilingin ang dokumentong ito sa ibang anyo o format, tumawag sa 1-800-525-0127. Mangyaring tumawag ang mga customer na may kapansanan o kahirapan sa pandinig sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa civil.rights@doh.wa.gov.

Numero ng Publikasyon

DOH 141-037 August 2021 Tagalog

Para sa higit pang impormasyon o mga karagdagang kopya ng ulat na ito:

Division of Prevention and Community Health (Dibisyon sa Kalusugan ng Komunidad at Pag-iwas sa Sakit)

Office of Family and Community Health Improvement (Tanggapan sa Pagpapabuti ng Kalusugan ng Pamilya at Komunidad)

PO Box 47855

Olympia, Washington 98504-7855

360-236-4501

800-525-0127

ohc@doh.wa.gov

Umair Shah, MD, MPH

Kalihim ng Kalusugan

Tungkol sa Maternal and Child Health Services Block Grant (Gawad na may Takdang Halaga para sa Mga Serbisyo sa Kalusugan sa Pagbubuntis at ng Bata)

Nakikipagtulungan ang Department of Health (DOH, Departamento ng Kalusugan) sa mga kaakibat sa estado ng Washington para pagbutihin ang kalusugan ng kababaihan, mga sanggol, maliliit na bata, kabataan, at kanilang mga magulang.

Sinusuportahan ng iba't ibang pinagkukunan ng pondo mula sa estado at pederal na pamahalaan ang aming trabaho sa programa sa kalusugan sa pagbubuntis at ng bata. Nagbibigay ang Maternal and Child Health Services Block Grant (Gawad na may Takdang Halaga para sa Mga Serbisyo sa Kalusugan sa Pagbubuntis at ng Bata) ng mahalagang pinansiyal at teknikal na suporta. Sa pederal na piskal na taon ng 2020, nakatanggap ang estado ng Washington ng humigit-kumulang \$8.8 milyon sa pagpopondo sa pamamagitan ng programang ito.

Para matanggap ang gawad na ito bawat taon, nagsusumite ang Office of Family and Community Health Improvement (Tanggapan sa Pagpapabuti ng Kalusugan ng Pamilya at Komunidad) ng DOH ng aplikasyon at iniuulat ito sa U.S. Department of Health and Human Services (Departamento ng Mga Serbisyon Pangkalusugan at Pantao ng U.S.), Health Resources and Services Administration (Pangasiwaan ng Mga Mapagkukunan at Serbisyo sa Kalusugan), Maternal and Child Health Bureau (Kawanihan ng Kalusugan sa Pagbubuntis at ng Bata). Kasama sa aplikasyon ang:

- data sa maraming hakbang sa pagganap ng bansa at estado,
- buod ng badyet, at
- ulat sa mga dati, kasalukuyan, at pinaplanong aktibidad.

Mga Kasalukuyang Estratehiya para sa Mga Pondo ng Gawad na may Takdang Halaga

Para sa gawad sa taong ito, tinukoy ng DOH ang mga estratehiyang pinapaniwalaan naming pinakamainam na magsisilbi sa bawat isa sa limang bahagi ng populasyon ng kalusugan sa pagbubuntis at ng bata sa aming estado. Para tukuyin ang mga estratehiyang ito, ang DOH ay:

- nagsagawa ng pagsusuri sa mga pangangailangan ng bawat populasyon,
- isinaalang-alang ang kakayahan ng DOH at ng maraming kaakibat nito,
- kumonsulta sa mga kaakibat nito tungkol sa mga interes at priyoridad nila,
- naglikom ng pampublikong feedback sa isang pagsusuri ng mga pangangailangan sa 2020, at
- isinaalang-alang ang mga pederal na kinakailangan at kasalukuyang plano sa estratehiya at priyoridad ng estado ng Washington.

Batay sa pagsusuring ito, at ayon sa hinihingi ng gawad, pumili ang DOH ng mga pambansang hakbang sa pagganap para sa limang taong siklo ng gawad (Oktubre 1, 2020-Setyembre 30, 2025) na ito. Sa pangkalahatan ay dapat na epektibong mapahusay ng mga hakbang na ito ang kalusugan at kapakanan ng mga populasyon ng kalusugan sa pagbubuntis at ng bata sa Washington. Ang mga iyon ay:

(Mga) Pambansang Hakbang sa Pagganap	Bahagi ng Populasyon
Mga Pagbisita ng Well Woman	Kalusugan ng Kababaihan/Kalusugan sa Pagbubuntis
Pagpapasuso	Kalusugan ng Sanggol/Kalusugan ng Sanggol Bago at Pagkatapos Ipanganak
Pagsusuri sa Pag-unlad	Kalusugan ng Bata
Well Visit ng Teenager	Kalusugan ng Teenager

Medikal na Tahanan at Sapat na Insurance	Mga Batang May Mga Espesyal na Pangangailangan sa Pangangalagang Pangkalusugan
--	--

Isinasama rin namin ang mga hakbang sa pagganap ng estado na nakatuon sa:

- pagbabawas ng depresyon at pagpapataas ng access sa pangangalaga ng kalusugan ng pag-uugali at pag-iisip,
- mga positibong mentor na nasa hustong gulang para sa mga teenager.
- pagpigil sa paggamit ng alak ng mga teenager,
- pagiging abot-kaya ng at access sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, at
- paghahanda para sa susunod na pagsusuri ng mga pangangailangan sa kalusugan sa pagbubuntis at ng bata

Pagtuon sa Pagiging Patas sa Kalusugan

Habang nakatuon ang programang gawad sa pagtulong sa mga taong may mababang kita o may limitadong access sa mga serbisyong pangkalusugan, sinusuportahan nito ang trabaho ng estado na tugunan ang mga isyu sa pagiging patas sa kalusugan. Halimbawa, sinusuportahan nito ang aming trabaho sa mga sentrong pangkalusugan na nakabase sa paaralan. Ginagawang mas accessible ng mga sentrong ito ang pangangalagang pangkalusugan sa kabataan na humaharap sa mga hadlang sa pagkuha ng regular na pangangalagang pangkalusugan.

Nakatuon ang aming trabaho sa mga isyu sa pagiging patas, mga populasyong hindi sapat na napagsisilbihan, at kung saan may pangangailangan. Sinusuportahan namin ang mga solusyong dala ng komunidad, at tumutuon kami sa mga pagpapahusay ng mga sistemang may direktang kaugnayan sa mga pagkakaiba. Binibigyan ng partikular na pagdiin ng aming trabaho ang pagpapahusay ng mga resulta ng panganganak ng mga Black at African American at American Indian/Alaska Native na tao.

Tinutukoy rin namin ang mga puwang kung saan mas mataas ang pangangailangan para sa mga serbisyo kumpara sa supply. Kasama rito ang mga serbisyo bago at pagkatapos manganak at mga serbisyo sa genetics sa mga lugar sa lalawigan. Bumubuo kami ng mga kasunduan sa mga provider para mas mahusay na mapagsilbihan ang mga rehiyong iyon.

Inilalapit kami ng lahat ng trabahong ito patungo sa pagtupad ng bisyon ng DOH na maging patas at pagkakaroon ng mainam na kalusugan para sa lahat.

Matuto Pa Tungkol sa Kasalukuyang Aplikasyon para sa Gawad

- Para matuto pa, i-download ang buong dokumento: [Washington State Maternal and Child Health Block Grant Federal Fiscal Year 2022 Application and Federal Fiscal Year 2020 Annual Report](#) (PDF, 414 na pahina, Ingles lamang).
- Kung mayroon kang mga tanong o gusto mong magbahagi ng mga komento, mangyaring makipag-ugnayan sa OHC@doh.wa.gov o tumawag sa 360-236-4501 (local) o 800-525-0127 (walang bayad).